


# MTB-MLE

## Unang Markahan – Modyul 9: Pagbuo ng Bagong Salita Gamit ang Panlapi at Salitang-ugat



**MTB-MLE – Ikalawang Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Unang Markahan – Modyul 9: Pagbuo ng Bagong Salita Gamit ang Panlapi at  
Salitang-ugat  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Anamarie M. Emano

**Editor:** Elena V. Almario, Cita C. Merla, Marie Ann C. Ligsay

**Tagasuri:** Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Arnold A. Montemayor

**Tagaguhit:** Karen D. Romero

**Tagalapat:** Cristina T. Fangon

**Tagapamahala:** Nicolas T. Capulong  
Librada M. Rubio  
Ma. Editha R. Caparas  
Nestor P. Nuesca  
Merlinda T. Tablan  
Ellen C. Macaraeg  
Elena V. Almario

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando  
Telefax: (045) 598-8580 to 89  
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

## MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 9:  
Pagbuo ng Bagong Salita  
Gamit ang Panlapi at  
Salitang-ugat

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## *Alamin*

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makabubuo ng bagong salita sa pamamagitan ng kombinasyon ng mga panlapi at salitang-ugat.

MT2VCD-Ic-e-1.3



## *Subukin*

A. Buoin ang mga salita sa pamamagitan ng pagsasama ng panlapi at salitang-ugat.

1. ma + ganda = \_\_\_\_\_
2. pa + mana = \_\_\_\_\_
3. um + inom = \_\_\_\_\_
4. nag + linis = \_\_\_\_\_
5. ka + hapon = \_\_\_\_\_

B. Piliin ang mga panlapi sa loob ng kahon. Ikabit ito sa salitang-ugat.

|    |     |    |     |
|----|-----|----|-----|
| an | han | in | hin |
|----|-----|----|-----|

1. dilig\_\_\_\_\_
2. tala\_\_\_\_\_
3. puna\_\_\_\_\_
4. habul\_\_\_\_\_
5. hagdan\_\_\_\_\_


Aralin

1

## Pagbuo ng Bagong Salita Gamit ang Panlapi at Salitang-ugat

Ang isang payak na salita ay maaaring maging isang bagong salita sa pamamagitan nang paggamit ng mga panlapi. Mayroon itong mga uri. Gusto mo bang malaman kung ano-ano ang mga ito?

Ating tuklasin sa ating aralin.



### *Balikan*

Panuto: Guhitan ang mga panlaping ginamit sa mga salita.

Halimbawa:

maglakad

1. lumakad
2. pumunta
3. taniman
4. umalis
5. tinalon



## *Tuklasin*

Panuto: Basahin ang sumusunod na tula.

### **Mga Tuntunin sa Paaralan**

Anamarie M. Emano

Pgpasok ay agahan  
upang sumali sa pilahan  
Mga gamit ay ingatan  
Tumulong sa kalinisan

Mga kalat mong naipon  
Sa basurahan ay itapon  
Diligan ang mga halaman  
Walisin ang silid-aralan

Pag-upo ay ayusin  
Makinig sa mga aralin  
Ang guro ay dapat sundin  
Iyan ang ating mga tuntunin



## *Suriin*

Sagutin ang mga sumusunod na tanong batay sa tula na iyong binasa sa itaas. Isulat sa sagutang papel.

1. Ano ang pamagat ng tula?
2. Bakit kailangan pumasok nang maaga?
3. Ano-ano ang mga salitang may panlapi?
4. Ano ang panlapi sa salitang walisin?
5. Ano naman ang salitang ugat sa salitang ingatan?

Iyong tandaan na sa araling ito ay mahalaga na makilala mo ang salitang-ugat at panlaping ginamit sa pagbuo ng bagong salita.

Ang panlapi ay maaaring ikabit sa unaha, gitna at hulihang bahagi ng salitang-ugat. Tinatawag ang mga itong:

**Unlapi** - kapag ang panlapi ay nasa unahan ng salitang-ugat. Halimbawa: uminom, naglalakad


**Gitlapi** – kapag ang panlapi ay nakakabit sa gitna ng salitang-ugat. Halimbawa: sumigaw, binato

**Hulapi** – kapag ang panlapi ay matatagpuan sa hulihan ng salitang-ugat. Halimbawa: hagdanann, bilihann



*Mga Tala para sa Guro*

Gabayang ang mag-aaral sa pagsasagot sa mga pagsasanay.



*Pagyamanin*

**Pinatnubayang Pagsasanay 1**

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang panlapi at salitang-ugat sa tapat ng mga sumusunod na salita.

|              | Panlapi | Salitang-ugat |
|--------------|---------|---------------|
| 1. masaya    | _____   | _____         |
| 2. basurahan | _____   | _____         |
| 3. nagdilig  | _____   | _____         |
| 4. taniman   | _____   | _____         |
| 5. winalis   | _____   | _____         |

## Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Pagsamahin ang salitang-ugat at panlapi upang mabuo ang salita. Isulat ang sagot sa papel.

- |          |    |       |
|----------|----|-------|
| 1. inom  | an | _____ |
| 2. gawa  | ma | _____ |
| 3. takbo | um | _____ |
| 4. handa | in | _____ |
| 5. saya  | um | _____ |

## Pinatnubayang Pagsasanay 2

Panuto: Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Si Adi ay sumali sa paligsahan sa paaralan sa pagtula. Alin sa mga salita ang ginamitan ng panlaping **um**?  
A. Pagtula  
B. Sumali  
C. Paaralan  
D. Paligsahan
2. Ang mga bata ay masayang-masaya sa handaan na ginanap kahapon. Anong salita ang may panlaping **an**?  
A. Handaan  
B. Bata  
C. Kahapon  
D. Ginanap








## Malayang Pagsasanay 1

Panuto: Ayusin ang nakarambol na panlapi at salitang-ugat upang mabuo ang salita. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. kasutin \_\_\_\_\_
2. malama \_\_\_\_\_
3. lawdaum \_\_\_\_\_
4. rawaam \_\_\_\_\_
5. bihansa \_\_\_\_\_

## Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Tingnan ang larawan. Mula rito, bumuo ng salita na ginagamitan ng panlapi at salitang-ugat.

1.  \_\_\_\_\_
2.  \_\_\_\_\_
3.  \_\_\_\_\_
4.  \_\_\_\_\_
5.  \_\_\_\_\_

## Malayang Pagsasanay 2

Panuto: Lagyan ng panlapi ang salitang-ugat na may salungguhit upang mabuo ang pangungusap.

- \_\_\_\_\_ 1. Kami nina ate at kuya ay tulong sa mga gawaing bahay.
- \_\_\_\_\_ 2. Agad sugpo ang masamang gawain .

\_\_\_\_\_3. Maraming ligpit pagkatapos ng handaan.

\_\_\_\_\_4. Inom ng walong basong tubig araw-araw.

\_\_\_\_\_5. Sira ng bagyong Ambo ang kabahayan sa aming probinsiya.

## Malayang Pagtatasa 2

Panuto: Dugtungan ang salitang-ugat ng panlaping **han** o **an** upang mabuo ang salita.

1. marumi \_\_\_\_\_

2. kaloob \_\_\_\_\_

3. sabi \_\_\_\_\_

4. putol \_\_\_\_\_

5. kain \_\_\_\_\_



### *Isaisip*

Nakabubuo ng isang bagong salita sa pamamagitan ng pagdaragdag o pagkakabit ng panlapi sa salitang-ugat.

Ang panlapi ay maaaring ikabit sa unahan (unlapi), gitna (gitlapi) at hulihan (hulapi) ng salitang ugat.



## *Isagawa*

Panuto: Basahin ang kuwento. Bigyang pansin ang mga salitang initiman. Punan ang mga hinihingi ng tsart.

**Bumili** ng magandang damit ang aking Nanay para sa aking kaarawan. **Natuwa** ako kasi paborito ko ang kulay. Ang aking kapatid **nagbigay** din ng regalo isang **maganda** na manika. Tunay na **masaya** ako kasi mahal na mahal ako ng aking pamilya.

Halimbawa: Ako ay **sumamba** kahapon.


| <u>Salita</u> | <u>Salitang-ugat</u> | <u>Panlapi</u> |
|---------------|----------------------|----------------|
| sumamba       | samba                | um             |

| Salita | Salitang-ugat | Panlapi |
|--------|---------------|---------|
| 1.     |               |         |
| 2.     |               |         |
| 3.     |               |         |
| 4.     |               |         |
| 5.     |               |         |





## Tayahin

Panuto: Isulat ang ginamit na panlapi at salitang ugat sa patlang.

1.  **malakas**  
panlapi \_\_\_\_\_ salitang ugat \_\_\_\_\_

2.  **binuhat**  
panlapi \_\_\_\_\_ salitang ugat \_\_\_\_\_

3.  **hagdanan**  
panlapi \_\_\_\_\_ salitang ugat \_\_\_\_\_

4.  **tinulak**  
panlapi \_\_\_\_\_ salitang ugat \_\_\_\_\_

5.  **maganda**  
panlapi \_\_\_\_\_ salitang ugat \_\_\_\_\_



## *Karagdagang Gawain*

A. Panuto: Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon upang mabuo ang diwa ng pangungusap.


uminom ayusin ligpitin magpayong magdilig

1. Mainit ang panahon kaya ikaw ay\_\_\_\_\_.
2. Nauuhaw ka kumuha ka ng tubig upang\_\_\_\_\_.
3. Tuyo na ang halaman kaya \_\_\_\_\_ako.
4. Bago matulog kailangan\_\_\_\_\_ang kama.
5. Pagkakain dapat \_\_\_\_\_ ang pinagkainan.



B. Panuto: Tingnan ang mga larawan at basahin ang mga salita. Isulat kung ang panlaping ginamit sa sumusunod na salita ay **unlapi**, **gitlapi** o **hulapi**.

\_\_\_\_\_1.




nagtanim

\_\_\_\_\_2.



tumalon

\_\_\_\_\_3.



gupitin

\_\_\_\_\_4.



gumuhit

\_\_\_\_\_5.



Uminom



# Susi sa Pagwawasto

|  |  |  |   |
|--|--|--|---|
|  | <p><b>Subkin</b></p> <p>A.1. maganda<br/>2. pamana<br/>3. uminom<br/>4. naglilis<br/>5. kahapon</p> <p>B. 1. in/an<br/>2. an<br/>3. hin<br/>4. in<br/>5. an</p>                            | <p><b>Balikan</b></p> <p>1. lumakad<br/>2. pumunta<br/>3. taniman<br/>4. umalis<br/>5. tinanon</p>               | <p><b>Subkin</b></p> <p>A.1. maganda<br/>2. pamana<br/>3. uminom<br/>4. naglilis<br/>5. kahapon</p> <p>B. 1. in/an<br/>2. an<br/>3. hin<br/>4. in<br/>5. an</p> |
| <b>Pagymamin</b>   |  |  |   |
| <p><b>Pinatnubayang Pagtatasa 2</b></p> <p>1. um<br/>2. in<br/>3. um<br/>4. um<br/>5. um</p> | <p><b>Pinatnubayang Pagtatasa 2</b></p> <p>1. B<br/>2. A<br/>3. D<br/>4. B<br/>5. C</p>  | <p><b>Pinatnubayang Pagtatasa 1</b></p> <p>1. inuman<br/>2. magawa<br/>3. tumakbo<br/>4. hinda<br/>5. sumaya</p> | <p><b>Pinatnubayang Pagtatasa 1</b></p> <p>1. ma<br/>2. basura<br/>3. nag<br/>4. an<br/>5. in<br/>saya<br/>tanim<br/>walis</p>                                  |
| <p><b>Malayang Pagtatasa 2</b></p> <p>1. han<br/>2. an<br/>3. han<br/>4. an<br/>5. an</p>    | <p><b>Malayang Pagtatasa 2</b></p> <p>1. tumulong<br/>2. sinugpo<br/>3. ligitin<br/>4. uminom<br/>5. sirain</p>  | <p><b>Malayang Pagtatasa 1</b></p> <p>1. nagdilig<br/>2. kumain<br/>3. tirahan<br/>4. umulan<br/>5. uminom</p>   | <p><b>Malayang Pagtatasa 1</b></p> <p>1. sukatin<br/>2. malaya<br/>3. dumalaw<br/>4. maraw<br/>5. sabihan</p>   |
|  | <p><b>Karagdang Gawain</b></p> <p>A1. magpayong<br/>2. uminom<br/>3. magdilig<br/>4. ayusin<br/>5. ligitin</p> <p>B. 1. unlap<br/>2. gitiapi<br/>3. hulapi<br/>4. gitiapi<br/>5. unlap</p> | <p><b>Tayhin</b></p> <p>1. ma lakas<br/>2. in buhat<br/>3. an hagdan<br/>4. in tulak<br/>5. ma ganda</p>         | <p><b>Isagawa</b></p> <p>1. bumili bili um<br/>2. natuwa tuwa na<br/>3. nagbigay bigay<br/>4. maganda ganda<br/>5. masaya saya ma</p>                           |

## *Sanggunian:*

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Patnubay ng Guro sa Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)